# PANGAKONG NAKA-UGAT SA PAG-IBIG

A Lord's Flock Worship Topic
Ni: Fr. Alex Balatbat
Mayo 2, 2026

Ang konsepto ng pag-ibig ay hindi lamang naka-sentro sa ating pangako sa Diyos; una sa lahat, ito ay tungkol sa pangako ng Diyos sa atin. Diyos ang unang kumilos para mahalin tayo. Sinabi Niya" Ito ang aking utos: mag-ibigan kayo. Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan" (Jn. 15:12-13). Kaya, tulungan natin ang bawa't isang maalala na ang pangako ng Diyos sa atin ay napatunayan ng Kanyang faithfulness at unconditional love.



1. **Pinapawi ng ganap na pag-ibig ang anumang takot.**

   Kung nabalot ng takot, madalas nating makalimutan ang mga kwento ng pananampalataya sa ating buhay. Minsan, maski sa panalangin nagpapanic tayo.

   1.1. Ang unang kwento ng resurrection ay punong-puno ng takot. Ang mga apostol ay nagkawatak-watak; nakaramdam sila ng pagtataksil at nadismaya noong namatay si Jesus sa krus. Pinuntahan ni Magdalena ang libingan at nagkaroon ng pagkalito noong hindi niya nakita ang katawan ni Jesus. Nabalot ng takot ang lahat at nakalimutan nila ang turo ng Panginoon.
   1.2. Sa gitna ng maunos na dagat, napagkamalan ng mga alagad na multo si Jesus nang makita nilang naglalakad sa ibabaw ng tubig, dahil sa matinding takot.
   1.3. Noong nagsimulang lumakad si Pedro sa ibabaw ng tubig patungo kay Jesus, bigla siyang lumubog. Nakalimutan niyang i-focus ang kanyang paningin kay Jesus.
   1.4. Sa harap ng matinding takot, punuin ang ating isipan ng dakilang pag-ibig ng Diyos. Kung gayon, walang kapangyarihan ang takot sa atin.
   1.5. Pagnilayan ang mga bagay na nakalimutan natin dahil sa takot. Hadlang ba ang mga ito sa pangako natin sa Diyos?

   - Takot pa rin ba tayo sa kabila ng pagkaalam na kasama natin ang Diyos, marami tayong magagawa sa buhay?
   - Takot ba tayo sa sarili nating kapangyarihan na gumawa ng kabutihan, tulungan ang mahihirap at ibangon ang mga nadapa?

2. **Ang ating pangakong maglingkod ay naka-ugat sa pag-ibig ng Diyos sa atin.**

   Ang pagbating, "Happy Easter," ay isang selebrasyon sa tagumpay ni Jesus laban sa kamatayan. Isa itong paalala na walang dapat ikatakot dahil kasama natin si Jesus.

   2.1. <u>Ang ating misyon</u> ay puntahan ang mga nawawalang tao at ipaalala ang kagandahan at katapatan ng Diyos.
   2.2. Dapat tayong mag-commit sa pag-aalaga sa isa't isa, hindi lamang sa ating sarili. Kailangan ibahagi natin ang pagmamahal ng Diyos.
   2.3. Tayo ay pamayanan ng mga hindi perpektong tao na naghahanap ng pagmamahal. Huwag nating hayaang pigilan ng sugat at sakit ang ating pangako sa pagmamahalan at pagkaunawa sa isa't isa.
   2.4. <u>Ang ating paglilingkod</u> ay hindi nangangahulugan ng pagdagdag sa Kanyang kadakilaan; ito ay para sa ating sariling dangal, upang gawin tayong banal at dakila.
   2.5. May <u>commitment</u> tayong tuparin ang banal na layunin ng Diyos sa atin, kahit sa harap ng lahat ng ating mga takot.

**Konklusyon**: Ang takot ay walang kapangyarihan laban sa pag-ibig ng Diyos. Gusto ng demonyo na ipakalimot, ngunit ang pag-ibig ng Diyos ang nagpapaalala sa atin na hindi Niya tayo kailanman iiwan o pababayaan. Bawat transformation story ay tungkol sa unconditional love ng Diyos. Ang bawat prayer meeting ay inilaan para hindi tayo makalimot.

**Pagninilay:** Ang mga takot mo ba ay hadlang sa pagtupad ng ating commitment sa Diyos? Paano mo malampasan ang mga takot at i-pursue ang iyong divine purpose?


**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit ni: Vera Tuplano
Tags:#Commitment #Pag-ibig #Takot
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1LgjWU8rtg/